

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG DISYEMBRE 04, 1995, 9:00 NG UPAGA SA BUDHAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos	
Kagawad Angeles D. Bautista	
Kagawad Ramil O. Dimapilis	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	
Kagawad Ramulfo C. Bernal	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Honesto O. Taytay	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President

Hindi Nakadalo:

Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Lorna F. Dimapilis	- SK Chairman

KAPASTAHAN BLG. 059
Taong 1995

KAPASTAHANG HUMIHILING SA PROVINCIAL WARDEN, NICHOLAS JAMILLA, JR., CALAPAN, SILANGANG MINDORO NA MAGSAGAWA NG IMBESTIGASYON TUNGKOL SA KATIWALIANG NANGYAYARI SA PROVINCIAL JAIL, BRANCH III, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T ang mga bilanguan o piitan ay isang institusyong itinalaga hindi lamang upang maging tirahan ng mga nagkakasala sa batas kundi upang magsilbi ring tahananang maaaring makupag-alay sa kanila sa wastong landasin sa buhay;

SAPAGKA'T ang mga piitang ito sa kaibahan ng mga serbisyong ibinibigay at ng mga taong nakasadlak dito ay kinakailangan lamang magkaroon ng mga taong mangangalaga at mga guwardiya para sa kapanatagan at kasaysayan sa loob at labas ng bilanguan;

SAPAGKA'T sa katulad na sitwasyon sa Roxas, Silangang Mindoro, ang kapakanan at kaligtasan ng mga bilango at mamamayan ay nakasalalay sa episyente at matapat na paglilingkod ng mga guwardiya at namamahala sa Panlalawigang Bilangguan sa bayang ito;

SAPAGKA'T sa maraming pagkakataon ang mga bilango dito ay nakalalabas upang bumisita sa kanilang pamilya sa bise ng pahintulot na manggagaling sa hukuman;

SAPAGKA'T sa marami na ring pagkakataon, ang kabangang ito ay inakusado ng mga prihadong tao kung saan ang mga bilango ay ginagamit nila sa mga pagawain sa sariling kapakinabangan bagama't sinasabing tiuntumbasan ng salapi ang pagpapatrabahong ito sa mga bilango;

SAPAGKA'T ang paggamit na ito sa mga bilango ay isang pagsasamantala sa kanilang mga karapatang pantao at pansariling mga paninindigan at panuntunan sa buhay;

[Handwritten signature]

[Handwritten signature]

SAPAGKA'T sa pamamaraang ganito ang ilang bilanggo ay nagkakaroon ng pagkakataong makatakas at sa gayon ay lumulubha ang problema at nagiging banta sa katahimikan at kaayusan ng mga mamamayan lalo na't yaong mga sangkot sa kaso ng partikular na bilanggo;

SAPAGKA'T ang ganitong mga pangyayari ay nagiging daan din ng kawalang-katarungan kung daan ang ilang bilanggo ay napapahalaga at ito'y direktang maitutukoy sa kapabayaan, pagmamalabis o kawalang-kakayahan ng mga guardiya at namumuno sa Provincial Jail ng bayang ito;

SAPAGKA'T upang matigil ang mga gawaing itong di-kanais-nais at mabigyan din ng kaukulang proteksyon at pagpapahalaga ang mga bilanggo, ang kapulungang ito' ay lubos na nagkaisang iperaating sa Provincial Warden, Calapan, Silangang Mindoro ang mga pangyayaring magaganap dito sa panlalawigang bilangguan sa Roxas, Silangang Mindoro upang sila ay magsagawa ng kaukulang imbestigasyon at pag-aksyon.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Remulfo C. Bernal na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASIYA, tulad ng pagpapasyang ito na hilingin sa Provincial Warden, Nicholas Jamilla, Jr. ng Calapan, Silangang Mindoro na magsagawa ng imbestigasyon sa mga katiwaliang nangyayari sa Provincial Jail, Branch III sa Roxas, Silangang Mindoro.


IPINASIYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Provincial Warden Nicholas Jamilla, Jr., Calapan, Silangang Mindoro para sa kanyang maagap na pag-aksyon.

IPINASIYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia, ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan at si Chief Security Rizalino Leocadio, Calapan, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at kinakailangang aksyon sa bagay na ito.


Pinagtibay ng lahat.

04 Disyembre 1995

CERTIFIED CORRECT:


VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:


JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:


GELACIO I. YASON
Municipal Mayor